

Mama Ma-Cho:
Isang Pag-aaral sa Sinkretikong Identidad
ng mga Tsinoy sa Batangas



Renato G. Maligaya

Pamantasang De La Salle- Lipa

Si **Maligaya** ay kasalukuyang nagtuturo sa Departamento ng Agham Panlipunan sa Kolehiyo ng Edukasyon, Sining at Agham ng De La Salle Lipa. Nagtapos ng Masterado sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle-Maynila at Batsilyer sa Araling Asyano sa Unibersidad ng Santo Tomas. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang digring Doktor sa Pilosopiya sa larangan ng Araling Filipino, Major sa Wika, Kultura at Midya sa DLSU. Isa siya sa mga Writing Fellow sa 2012 DLSU-College of Liberal Arts Research Writing Fellowship.

Abstrak

Ang papel na ito ay isang diskurso tungkol sa sinkretismo at identidad ng mga Tsinoy sa Batangas. Mahalaga ang identidad o kaakuhan upang maiangat ang sarili at ang bansa. Sa ganitong kalagayan, ang Pilipino ay patuloy na naghahanap sa kanyang identidad dahil sa kanyang historikal na prosesong pinagdaanan na nagdulot ng iba't ibang saray na kultura. Gayumpaman ay may mga likhang sadyang nagpapatingkad sa kabuuan ng kaakuhan na hindi natin namamalayan na pati ang dayuhang Tsino na piniling manirahan sa Pilipinas ay humantong sa pag-ako na sila rin ay mga Pilipino. Naging hamon sa alin mang dayuhan sa ano mang panig ng mundo na panatilihin ang kanilang etnisidad sa kabila ng akulturasyon at asimilasyon na maaaring maranasan sa kanilang pamamalagi sa bansang pinili nilang manirahan. Hindi ito iba sa naging karanasan ng mga Tsinoy. Sinikap ng papel na ito na dalumatin ang ginampanan ng sinkretismo sa paniniwala ng mga Tsinoy at paano ito naging daan upang mapatingkad ang identidad ng mga Tsinoy. Ang sinkretismo ng mga Tsinoy sa Batangas ay itinuturing na naiiba sa ibang bahagi ng Pilipinas dahil sa paniniwala sa Birhen ng Caysasay bilang si Mama Ma-Cho. Malaki ang gampanin ng pananampalataya sa pagbuo ng kaakuhan ng mga Tsinoy at kung paano ang kanilang pag-aangkop ay naging paraan upang maging bahagi sila ng isang lipunang hindi madali silang natanggap. Ang sinkretismo ng Birhen ng Caysasay bilang diyosang si Ma-Cho ng mga Batangueñong Tsinoy ay isang halimbawa ng identidad na maaaring mabuo at akuin bilang "kanila" at maghihiwalay sa identidad ng iba.

Mga Susing Salita

*Tsinoy; sinkretismo;
identidad; Ma-Cho;
Birhen ng Caysasay*



HASAAN

Panimula

Mahalaga ang identidad o kaakuhan sa pagbuo ng isang bansa lalo na kung ito ay binubuo ng iba't ibang kalinangan na siyang nagpapatingkad ng kaibahan sa pagitan ng mga pangkat. Hindi man malay ngunit bahagi ang identidad ng pagnanais ng bawat pangkat na mapanatili ang kanilang identidad na teritoryal o dili kaya ay bilang isang lahi. Ang salpukan ng mga kapangyarihan ng mga nagtatagisang mga bansa at lahi na kinapapalooban ng mga distanya at pag-aaway ng iba't ibang etnikong pangkat sa buong mundo ay dulot ng mga sigalot sa lupang sakop. Idagdag pa rito ang mga kayamanan ng lupa at karagatan na kinamkam sa pamamagitan ng pangongolonya at pananakop na sa huli ay nagdulot ng hindi balanseng kaunlaran sa iba't ibang panig ng mundo. Ang mga digmaan sa pagitan ng iba't ibang mga bansa at pagsibol ng modernong konsepto ng bansa-estado ang siyang nagbigay daan sa klasipikasyon sa lahi at etnisidad na nagbunga upang ipaglaban ninuman ang kani-kanilang mga identidad o kaakuhan. Sa paglipas ng panahon pumasok ang bagong historikong panahon ng globalisasyon na winawasak ang mga hanggahan sa lahi at teritoryo at pinagbubuklod ang mundo bilang isang global na merkado. Nanatiling mahalaga ang identidad sa hamon ng globalisasyon na pagkalito at pagpawi ng mga nakasanayang tradisyon at kultura na nilalamon ng globalisadong mundo at ng impluwensiya ng makapangyarihang mga estado at ng media (sa huli ay ng new media). Naging hamon ito lalo na sa Pilipinas na binubuo ng iba't ibang etnikong pangkat kabilang na dito ang mga dayuhang piniling manirahan sa bansa at isa rito ay ang mga dayuhang Tsino na sa huli ay tinawag na "Tsinoy".

Ang papel na ito ay pagsipat sa identidad ng mga Tsinoy sa Pilipinas partikular sa mga Tsinoy na naninirahan sa Taal Batangas kung saan ang sinkretong paniniwala nila sa Birhen ng Caysasay ng Taal bilang diyosa ng mito na si Ma-Zu o Ma-Cho ay siyang nagpatingkad sa kanilang identidad hindi lamang bilang Tsinoy kundi pati na rin bilang Batangueño. Tatalakayin ng papel na ito ang pananaw-mundo o world view ng mga Tsinoy na siyang nagpaigting upang ang sinkretong paniniwala ay maging bahagi ng kanilang kaakuhan. Sa paglipas ng panahon ang simpleng debosyon sa Birhen ng Caysasay na itinuturing nila bilang si "Mama Ma-Cho" ay siyang naging daan upang lubusan silang magkaroon ng integrasyon sa lipunang Batangueño.

Ang pag-aaral na ito ay isang paglalarawan o descriptive study tungkol sa nasabing diskurso, ang ginamit na pamamaraan ay sa pamamagitan ng pakikipanayam, obserbasyon at imersyon sa mga kapistahan ni Ma-Cho sa loob mismo ng Ma-Cho Temple sa Batangas City mula taong 2011 hanggang 2013 at

pagsusuri ng mga sekondaryang datos na may kinalaman sa paksang tinalakay. Ang pagdadalumat ay nakatuon sa pag-usbong ng identidad ng mga Tsino hindi lamang bilang Pilipino kundi pati bilang mga Batangueño. Malaking bahagi ng pagsusuri ang historikal na dimensiyon sa pagbuo ng komunidad ng mga Tsino partikular sa Lungsod ng Batangas. Sa papel na ito, ang “Tsino” na tinutukoy rito ay yaong mga pawang naninirahan sa Batangas na legal na mamamayan ng Pilipinas at kabilang sa henerasyon na nagmula sa mga tinatawag na *hua-qiao* o mga etnikong Tsino na dumayo sa Pilipinas upang matakasan ang kahirapan sa Tsina na siya ngayong itinuturing na kabilang sa *jiuqiao* o yaong mga matagal nang naninirahan sa Pilipinas. Hindi kasama sa terminong “Tsino” ang mga tinatawag na *xinqiao* o yaong mga bagong dayuhang Tsino sa bansa (Cascolan).

Ang Historikal na Dimensyon ng Sinkretikong Ma-Cho at Caysasay

Malaki ang kaugnayan ng sinkretong paniniwala ng mga Tsino sa Birhen ng Caysasay bilang diyosang Ma-Cho sa pag-angkin ng kanilang etnisidad kung kaya’t nararapat na tingnan kung ano ang pinagmulan nito sa pamamagitan ng pagtatahi ng historikal na proseso. Kung kaya’t tiningnan ng papel na ito ang mga historikong dokumento upang mapalalim ang ugnayan ng sinkretismo sa inaaakong identidad.

Bago pa natagpuan ang imahen ng Birhen ng Caysasay noong 1603 may tala na tungkol sa naging karanasan ni Miguel Lopez de Legazpi sa pagpasok ng kanyang pangkat sa lawa ng Taal. Ayon kay Benito Legarda Jr., nang dumating sila Legazpi sa Taal, nasindak siya sa kaniyang nadatnan sapagkat mayroong alitan ang mga Tsino mangangalakal at mga katutubo ng Taal. Napatay ang isang pinunong katutubo. Dahil dito lumikas ang mga Tsino mangangalakal patungo sa barkong sinasakyan ngunit ang ilan sa kanila ay nahuli at pinarusahan hanggang mamatay. Bilang parusa ang marami sa kanila ay tinalupan ng balat at ibinilad sa araw. Dalawa sa kanila ang nailigtas ng mga Espanyol. Ito marahil ang magpapatunay na ang mga Tsino ay namamalagi na sa lugar ng Taal bago pa nangyari ang sinasabing “Pag-aaklas ng mga Sangleyes” noong 1639 (9-10).

Ayon sa mga historikal na tala ng simbahan, ang imahen ng Birhen ng Caysasay ay natagpuan ng isang mangingisda na si Juan Maningcad sa Ilog Pansipit sa bunganga ng Lawa ng Bonbon o mas kilala ngayong Taal noong 1603 (1611 sa ibang tala). Mula noon iba’t ibang himala ang iniugnay sa imahen bukod pa sa laging pagkawala nito sa bahay ng tagapag-alaga ng imahen hangga’t naisipang magpatayo ng simbahan para dito. May mga tala rin tungkol

HASAAN

sa aparisyon kabilang na ang pagkatagpo nito sa sanga ng puno ng Sampaga na binabantayan ng mga ibong Casay-casay kung kaya't ito ay tinawag na Birhen ng Caysasay (Goco, 28).

Taong 1639-1640, nagsimula ang pagpapatayo ng simbahan para sa imahen. Sa pagtatayo ng simbahan may mga Tsinong manggagawa ang naatasan upang pumutol ng mga bato na magiging dambana para sa Mahal na Birhen kabilang na dito si Hay Bing o Juan Imbing. Sa pagitan ng taong 1639 hanggang 1640 ay nagkaroon ng Pag-aaklas ng mga Sangleyes kung kaya ipinag-utos ni Gobernador Heneral Sebastian Hurtado de Corcuera ang pagpaslang sa higit kumulang na dalawampung libong Tsino. Marami sa kanila ay itinapon sa ilog kung kaya't marami sa Tsino ang nagsilikas sa baryo ng Caysasay hanggang sila ay matagpuan ng sundalong Espanyol na si Juan de Cabrera (Goco, 32).

Sa nasabing pagpaslang, si Hay Bing ay himalang nabuhay at itinuring na isang himala ng Birhen ng Caysasay. Ito raw marahil ang simula ng debosyong Tsino sa Birhen ng Caysasay. Ayon sa tala, nang makita ng mga Tsino ang imahen ng Caysasay nakita nila ito bilang imahen ng diyosang si Ma-cho o Ma-Zu na inilalagay sa mga bangka ng mandaragat na Tsino noong panahon pa ng Dinastiyang Sung. Naitala ng simbahan na ang mga debotong Tsino ay nagsimulang dumagsa sa dambana ng Caysasay mula ika- 17 siglo hanggang ika-18 siglo.

Sa tala naman ni Padre Pedro Murillo Velarde, S.J. sa kanyang *Historia de Filipinas* (1749), ang Caysasay ay isa sa mga tanyag at malimit puntahang dambana sa isla, kung saan ang mga Espanyol, mga katutubo at Tsino ay nagpupunta upang humiling ng pabor sa Mahal na Birhen (Goco, 61). Ang lagusang Batangas-Mindoro ay siyang unang lugar na kalakalang Pilipino at Tsino sa Pilipinas. Ang mga nahukay na labi at mga banga, porselana at palayok ang siyang patunay na mayroong ganitong kalakalang naganap sa lugar. Ito marahil ay simula ng paglagi ng mga Tsino sa Batangas.

Matapos mapalayas sa Pilipinas noong 1776, bumalik ang mga Tsino. Sa pagitan ng mga taong 1850-1890, lumago ang kanilang pangangalakal hindi lamang sa paligid ng Maynila pati na rin sa ibang lalawigan tulad ng Batangas. Ang mga Tsino ay nagpatuloy sa pagtitinda sa panaka-nakang mga araw ng palengke sa iba't ibang panig ng Luzon, ang mga indio at mestizong mangangalakal mula Pampanga, Pangasinan, Tayabas, Bicol, Malabon at mula sa bayan ng Taal ay nakaramdaman ng matinding kompetisyon kaya't marami sa kanila ay nagsaka na lamang. Sa pagtatapos ng ika-19 na siglo maraming

industriya ang nasasakupan ng mga Tsino sa Pilipinas mula asukal, tabako, indigo, abaka at palay pati na ang mga distileriya ng mga alak sa lalawigan ng Cebu, Nueva Ecija, Pampanga, Bataan, Pangasinan, Batangas at Camarines Sur. Sa lahat ng mga produktong panluwas tanging kape lamang ang walang gasinong impluwensiya ang mga Tsino. (Wickberg 150). Kilala ang Taal bilang bayan na walang Tsinong naninirahan. Itinaboy sila ng mga Pilipino dulot ng matinding kompetensiya sa kalakalan.

Kung itinataboy ang mga Tsino sa Taal, sa bayan ng Batangas (ngayon ay lungsod ng Batangas) ay nagkaroon ng pamayanan ang mga Tsino. Ayon sa tala ng Espanyol na historyador na si Manuel Sastron ay may sementeryong Tsino na matatagpuan sa lungsod noong 1890 na nagpapatunay na may pamayanang Tsino na sa lugar bago pa ang taong 1890 (Wickberg, 185).

Samantala, ang mito ni Ma-Cho/Ma-Zu ay nagmula sa Timog Tsina (Overmyer 115). Ayon sa alamat, ang batang si Ma-Zu ay nanirahan sa isang isla sa bahaging timog karagatan ng Tsina noong ika-11 siglo. Hindi nakapag-asawa si Ma-Zu at namuhay mag-isa. Hanggang sa dumating ang panahon na itinuring siya bilang tagapagpakalma ng mga bagyo sa karagatan at ipinapadala niya ang kanyang espiritu upang iligtas ang mga taong nalulunod sa karagatan. Maagang namatay si Ma-Zu kung kaya't walang pamilyang nagbibigay-pugay sa kanyang espiritu sa pamamagitan ng paghahandog sa kanyang libingan. May mga naniwala na si Ma-Zu ay isang diyosa. Dumating ang panahon na ang mga tao sa lugar ang siyang nagbigay-pugay sa kanyang espiritu. Marami sa kanilang mga kahilingan ang natupad lalo na ang kahilingan ng mga mangingisda. Kaya, itinuring siyang reyna ng karagatan at tagapangalaga ng mga mangingisda.

Tinatayang nagsimula ang kontemporaryong debosyon ng mga Tsinoy sa Birhen ng Caysasay matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang mga Tsinoy sa mga bayan ng Lipa, Tanauan, Rosario at Lungsod ng Batangas ay nagtitipon sa huling linggo ng Nobyembre upang magsagawa ng selebrasyon para sa diyosang si Ma-Cho (Ang See 58). Dalawang selebrasyon ang iniuugnay rito: una, ang ika-23 araw ng ikatlong buwan sa lunar na kalendaryo na siyang kaarawan ni Ma-Cho at pangalawa ay ang Nobyembre kung saan ang imahen ng Caysasay (bilang Ma-Cho) ay natagpuan at nailuklok sa templo.

Mula dekada 50 hanggang unang mga taon ng dekada 70, nagpalitan ang mga nasabing bayan sa paggawa ng altar at endamyo upang magkaroon ng selebrasyon para kay Ma-Cho sa pagitan ng Nobyembre 28 hanggang 30 ng bawat taon. Sa bawat okasyon, hinihiram nila ang imahen ng Caysasay mula

HASAAN

simbahan ng Taal. Nagkakaroon ng isang selebrasyon na puno ng pag-aalay ng pagkain, mga paputok, operang Tsino. Dahil sa labis ang gastusing iginugugol nila sa selebrasyon, naisipan na magtayo ng isang permanenteng templo sa Lungsod ng Batangas sa loob ng bakuran ng paaralang pang-Tsino (Kipsi School) na kung saan nagpagawa sila ng isang replika ng imahen ng Caysasay. Taong 1978 natapos ang konstruksyon ng templo at mula noon dinadagsa ito ng mga deboto mula sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Taong 1980, ang mga Tsinoy sa San Fernando, La Union ay inimitahan ang espiritu ni Ma-Cho at nagtayo sila ng kanilang sariling templo. Ang pagdiriwang sa La Union ay tuwing huling araw ng Setyembre. Pinili ang sa araw na ito upang hindi makisabay sa selebrasyon sa Batangas.

Ang Pagbuo ng Komunidad ng mga Tsinoy sa Lungsod ng Batangas

Ang komunidad ng mga Tsinoy sa Batangas ay mas maliit kumpara sa iba pang mga komunidad sa iba't ibang lugar ng Pilipinas. Walang pormal na Chinatown sa Batangas ngunit may mga palatandaan na may presensiya ng mga Tsinoy sa lalawigan partikular sa Lungsod ng Batangas. May mga naninirahang mga Tsinoy sa Tanauan City, San Juan, Lipa City, Rosario, Nasugbu, Balayan, Ibaan at Batangas City. Hanggang sa kasalukuyan walang Tsinoy na naninirahan sa bayan ng Taal sapagkat kilala ang bayang ito kung saan “binabato” ang mga Tsino kapag nagtangkang tumira rito.

Hindi madali ang bumuo ng kasaysayang lokal lalo na't limitado ang mga batis. Ang pagbuo ng komunidad ng mga Tsinoy sa Batangas ay mababanaagan sa mga talang historikal mula sa ilang mga literatura. Sa kasalukuyan, ang pamayanang Tsinoy sa lungsod ay hindi sa iisang lugar makikita ngunit kadalasang ang kanilang mga negosyo o tindahan ay matatagpuan sa dalawang lugar: una, ay sa lumang palengke na nasasakupan ng mga kalyeng Diego Silang, Jose Rizal, Edilberto Evangelista, Padre Genato, V. Luna at Candido Tirona at ang pangalawa, sa bagong palengke na opisyal na kilala bilang Julian Pastor Memorial Market sa Barangay Cuta. Bagaman hindi eksklusibo sa dalawang nasabing lugar ang kanilang negosyo dahil matatagpuan rin sila sa ibang barangay kagaya ng Kumintang Ibaba, Calicanto at Pallocan West. Sa daloy ng komersiyalisasyon sa lungsod mas lalo pang dumami ang mga negosyanteng Tsinoy bukod pa sa ilang mga dayuhan ang nagtatayo rin ng maliliit na negosyo sa lungsod tulad ng mga Koreano, Vietnamese, Indian at mga Tsinong bagong dating mula mainland China at Taiwan.

Sa “lumang palengke” may pinakamaraming negosyanteng Tsinoy. Sa mga kalyeng nakapalibot dito tulad ng Diego Silang St., Rizal Avenue, V. Luna St., at Evangelista St. matatagpuan ang mga tindahan tulad ng *Apiong Store*, *Lim’s General Merchandise*, *Genasco Trading*, *New Formosa Commercial*, *Todos Amigos*, *New Quality Store*, *Shanghai Bazaar*, *New Life Store*, *Flora’s Dry Good Store* at *Antonio’s Trading*. Sa kabilang bahagi ng palengke ay ang kalye ng Edilberto Evangelista. Doon matatagpuan ang *San Wa Nam Restaurant*, *Batangas City Canton Restaurant*, *Pana Store*, *Algro’s Supply*, *Ideal Marketing* at *Jacquelin Store*. Ang pinakamalaking mall at supermarket na *Bay City Mall* at *Nu-Citi Central* ay mga pag-aari rin ng Batangueñong Tsinoy. Sa Barangay Cuta, sa likod ng *Batangas City Sports Complex* matatagpuan ang *Kipsi Chinese School* at ang *Ma-Cho Temple*. Samantalang ang Batangas Chinese Cemetery ay matatagpuan sa Kumintang Ibaba malapit sa Kapitolyo ng Lalawigan ng Batangas. Walang ispesipikong lugar kung saan naninirahan ang lahat ng mga Tsinoy sa lungsod ngunit kadalasan pumipili sila ng lugar kung saan malapit sa kani-kanilang mga negosyo. Sa *Eternal Gardens Memorial Park* na matatagpuan sa Barangay Balagtas matatagpuan ang mga museleong Tsinoy na kadalasang magkakatabi. Moderno at may mga laang tulusan ng insenso na may disenyong lotus. Sa labas ng mga museleo ay may mga nakatitik na karakter na Tsino at mga disenyong Tsino kagaya ng lotus, dragon, asong fu, at larawan ng namatay Madaling makita ang kaibahan ng mga museleong Tsinoy sa karaniwang disenyo ng museleo ng mga Batangueño sa lugar.

Marami sa mga Tsinoy na nakatira sa Lalawigan ng Batangas ang nasa retail trade. Sa Batangas City kadalasan ang mga negosyo ng mga Tsinoy ay *construction at lumber supply, groceries, food items, tin smith, restaurants, textile stores, agricultural products supply, appliance stores at school supplies*. Bihira sa kanila ang kumukuha ng propesyon. Maliban sa pagiging doktor ng medisina, madalas sa negosyo ng pamilya sila nakatutok. Ang ilan sa mga kilalang construction and lumber supply sa lungsod na pagmamay-ari ng mga Tsinoy ay ang mga sumusunod: *Tableria de Tan Tao*, *National Lumber and Construction Supply*, *New Top Steel Builders*, *Uno Lumber and Construction Supply*, *Genasco Marketing*, *GNT Supply*, *Antonio’s Trading* at *Rene’s Trading*. Sa mga pagkain at *groceries* kilala ang *Lim Store*, *Ideal Marketing*, *Pana Jacquelin Store*, *Royal Candy Marketing*, at *Lim Utik-Utik Store* bukod pa sa malaking supermarket ng *New Tom’s* at *Citimart*. Sa mga tin smith kilala ang *Dy’s Tin Smith and Glass Supply*, sa glass supply naman ay ang *Society Glass Co.*, samantalang sa pagkain naman ang *Ho Tsai Food Palace*, *San Wa Nam Restaurant*, *Canton Restaurant* at

HASAAN

Mega Fastfood bukod pa rito ang mga *franchise restaurants* kagaya ng *Chow-king*, *Kenny Roger's Roasters*, *Jollibee* at *Greenwich*. Sa *appliance stores* at *school supplies* kilala ang mga tindahang *New Formosa Store*, *New Quality Store*, *New Life Store*, *Apiong Store*, *Todos Amigos Merchandise*, *Genasco*, *New Tom's* at *Citimart*. Ang *Citimart* ay may apat na mall sa buong lalawigan ng Batangas. Sa Batangas City, ang *Citimart* ay may *Bay City Mall* at *Nuciti Central Mall* na malalaking mall na pagmamay-ari ng lokal na Tsinoy maliban pa sa higanteng *SM City Batangas*, *SM Hypermarket*, *Puregold* at *Robinson's Supermarket*. Sa mga tela kilala ang *Flora's Dry Good Store*, *Liberty Dry Good Store*, *Tom's Store* at *Henson's Commercial*. Ang kilalang *agricultural supply store* ay ang *Algro Commercial*. Marami pang mga tindahan na maliit, kadalasang mga groceries sa bagong palengke, *LPG dealers*, *boutiques*, *computer shops*, *paint supply* at *plastic supply centers* ay mga pag-aari rin ng mga Tsinoy. Sila halos ang bumubuhay sa daloy ng komersiyo sa palengke ng Batangas City. Kung kaya't ang mga kilalang bangko ay nasa paligid ng palengke at mga negosyong pag-aari ng mga Tsinoy tulad ng *Metro Bank*, *BDO* o *Banco de Oro Universal Bank*, *Rizal Commercial and Banking Corporation* at *China Bank*.

Sinasabing ang mga Tsinoy sa Batangas City ay nagsimulang magtinda sa mga "make-shift" na tindahan, kadalasang bodega ang estilo at karamihan sa mga ito ay naka-pigtail pa. Sa pagdaan ng panahon, umunlad ang kanilang buhay.

Ayon sa mga Tsinoy na nakatira ngayon sa Lungsod ng Batangas, ang kanilang mga ninuno ay nagsimulang manirahan sa lungsod noong 1890. Ayon kay Benito Lim, ang kanyang ama ay nagsimulang manirahan noong 1916 bilang katulong sa isang tindahan ng isang Tsino. Hindi nagtagal at nakapagtayo ng sariling tindahan ang matandang Lim na tinawag na *Batangas Grocery Store* na nang lumaon ay naging tindahan ng mga candy, sapatos at naging isang general merchandise. Ayon din kay Lim, ang kanyang ama ang nagbigay ng donasyon upang maitayo ang kasalukuyang sementeryo ng mga Tsinoy. Ang pagtutulungan ng mga Tsinoy ay lumutang noong dekada 50. Maraming mga Tsinoy ang tinutulungan ang kanilang kapwa Tsinoy mula sa pagiging katulong sa mga Tsinong tindahan hanggang sila mismo ay makapagtayo ng mga sari-sariling tindahan. Kadalasang ipinamamana ang mga negosyo sa kanilang mga anak.

Noong 1930, ang pamilyang Chao naman ay nagtayo ng Hing Lee, sila ay mga Cantonese ayon kay Fe Chao. Mula 1931 hanggang 1995 tumagal ang Hing Lee na matatagpuan sa kasalukuyang Rizal Avenue. Naging sikat ito sa

lungsod hindi lamang bilang pagawaan ng sapatos kundi rin dahil sa masarap nitong tindang siopao. Samantala, ang pamilya ni Juan Ng ay isa sa mga etnikong Tsino na nagtayo ng grocery sa Kalye Evangelista sa tapat ng Lumang Palengke. Samantala, isang Chua Pan ang siyang nagtayo ng Pana Store sa kanto ng Evangelista at Diego Silang. Ang pamilya Ang ang nagsimula ng ABC Bakery, isa sa pinakalumang panaderiya sa lungsod. Isang nagngangalang Lorenzo In ang nagtayo naman ng *Victory Store* na siyang katapat ng Pana Store noong 1938, samantalang isang Lim Giok ang dumating sa Batangas noong 1922 na siyang una sa pagtatayo ng restoran. Kaalinsabay nito, naitayo ang mga kilalang restoran ng Tsino: ang San Wan Nam na itinayo ni Sy To Chu at ang Canton ng isang nagngangalang Mac. Si Tan Cho ay dumating sa Pilipinas noong 1928. Una siyang nagtrabaho bilang cook sa Tableria Tan Tao hanggang siya ay makapagtayo ng *La Suerte Bakery* na kilala sa pan de sal, bonete at pan de agua. Ang mga Tsino rin ang mga unang nagtayo ng mga tableria sa lungsod. Unang-una ang Asia Hardware at sinundan ng mga *Cosmos Hardware, Native Lumber, National Lumber, Tan Tao, Ono, Dayton, Top Steel* at *Batangas Standard*. Ang iba't ibang pamilyang Tsino na nakatira sa lungsod ay kadalasang may apelyidong Ang, Chua, Dy, Go, Lim, Ng, Sia, Sy, Tan, Tiu, Ty, Uy, Wong at Yap.

Sa kasalukuyan, may tatlong samahang Tsino ang siyang nagtutulong-tulong upang pangalagaan ang kanilang kapakanan: Batangas City Filipino-Chinese Chamber of Commerce (BCFCCC), Ma-Cho Temple Association at Kipsi Association. Ang BCFCCC ang siyang nag-uugnay sa lahat ng pangangailangan na may kinalaman sa pangangalakal. Samantala, ang Kipsi at Ma-Cho Temple ang mga asosasyong may kinalaman sa sosyo-kultural na pangangailangan ng mga Tsino sa lungsod. Sila ang namamahala sa selebrasyon tuwing huling linggo ng Nobyembre at ang pamamahala ng paaralang Kipsi. Kilala ang mga Tsino sa pagtulong sa kapwa lalo na't kapwa Tsino. Aktibo ang fire-fighting brigade ng BCFCCC sa lungsod. Ang Kipsi School ay binuksan na rin sa mga Pilipinong nais mag-aral dito at ang iba ay nasa scholarship ng mga samahang Tsino. Mas madalas silang magkita-kita sa mga reunion ng bawat pamilya o angkan, kasalan at binyagan, pati na ang lamay sa patay. Hindi ito kataka-taka sapagkat karakter ng mga etnikong Tsino ang panatilihin ang kanilang pagkakabuklod-buklod tulad din ng maraming mga banyagang nakatira malayo sa bansang kanilang sinilangan.

HASAAN

Ang Sinkretikong Paniniwala sa Birhen ng Caysasay bilang si Ma-cho

Sa Lungsod ng Batangas matatagpuan ang isang templong Tsino kung saan nakalagak ang imahen ng Birhen ng Caysasay na siyang representasyon ng diyosang Tsino na si Ma-Zu/Ma-Cho. Ang templo ay yari sa bato at kumpleto sa mga tradisyunal na disenyong Tsino tulad ng mga dragon, arko at mga inukit na batong haligi. Sa pagpasok sa templo makikitang nakasulat sa itaas ng pinto ang mga katagang “Ma-Zu T’ian Hou Kong” na ang ibig sabihin ay Templo para sa diyosang si Ma-Zu (Ma-Cho) (Ang See, 57). Sa altar sa ikalawang palapag matatagpuan ang imaheng nakasuot ng isang tradisyonal na gayak para sa poong Katoliko na malayo sa tunay na itsura ng diyosang si Ma-Zu. Ang sentrong altar ay laan para kay Ma-Cho o sa tinatatawag nilang “Caysasay”. Sa magkabilang bahagi ay maliliit na altar laan para kay Kuan Ti (ang diyos ng kasaganaan), maaari ring altar para kay Tsong Sin para sa lahatang espiritu at T’u Ti Kong (diyos sa sangkalupaan). Sa harap ng balkonahe ang espesyal na altar kung saan makikita ang malaking bangang tulusan ng mga insenso laan para kay Ti Kong (diyos ng kalangitan). Sa bawat altar ay may pag-aalay ng mga pagkain upang mabasbasan ito ng kasaganaan.

Sa ibaba ng templo ay may tanggapan para sa mga donasyon para sa Samahang Ma-Cho Temple. Sa kanang bahagi ay mga pitak-silid para sa tulusan ng kandila at sunugan ng *kim-tsua* o perang papel. Ang mga nagnanais na humiling ng biyaya kay Ma-Cho ay nagsisindi ng mga kandilang pula at nagsusunog ng perang papel upang sa ganoon ay matamo ang kasaganaan.

Ang templo ay kakikitaan ng tradisyonal na disenyong Tsino tulad ng mga pigura ng dragon, leon at bulaklak na lotus. Ang dragon at leon ay mga simbolo ng kapangyarihan at ang bulaklak na lotus ay may kinalaman sa relihiyong Budismo. Dominante ang kulay pula at ginto sa templo. Ang kulay pula ay simbolo ng kalusugan at masiglang buhay samantalang ang kulay ginto ay maharlikang kulay na nagpapahiwatig ng kapangyarihan at awtoridad. Makikita rin sa templo ang mga kulay pulang parol na indikasyon ng kulturang Tsino. Kapansin-pansin ang pagiging eksklusibo nito sapagkat ito ay nababakuran ng mataas na bakod at may mga bantay na guwardiya. Sa panahon na walang selebrasyon ito ay sarado. Madalang na ang isang ordinaryong Batangueño ay pumunta rito maliban sa kanyang pag-uusisa. Walang prohibisyon sa pagpunta sa templo para sa mga Pilipino ngunit wala rin namang nakikitang interes sa mga Pilipino ang pumunta sa templo maliban kung naanyayahan. Ngunit kung may selebrasyon, may mga Pilipinong imbitado na kadalasan ay may posisyon sa lipunan kagaya ng mga politiko at mga kaibigan ng mga Tsino.

Ang pagdiriwang ng anibersaryo ni Ma-cho ay nagsisimula sa umaga ng huling linggo ng Nobyembre kung saan ang mga deboto ay nagdadala ng insenso, perang papel, bulaklak, prutas at pagkain upang ialay kay Ma-Cho. Ang mesa sa harap ng altar ay puno ng mga alay. Matapos ang pag-aalay, sila ay nagdarasal at humihiling para sa kanilang mga pangangailangan. Sila ay humihingi ng tulong at payo sa kanilang negosyo, sa pamilya, pag-aasawa at para sa mga karamdaman at matinding suliranin sa buhay. Maaari ring humiling ng biyaya sa pamamagitan ng dalawang hugis-buwan na kahoy o *divination tablets* na kung tawagin ng mga lokal na Tsinoy ay “bua-bue”. Ang may pinakamataas na bilang na sagot na “oo” sa kahilingan sa “bua-bue” ang makapag-uuwi ng “ku” (ang maliliit na replika ni Ma-Cho). Ang mga debotong may pinakamataas na bilang ang siyang unang makapag-uuwi ng “ku” hanggang sa pumangalawa at pumangatlo. Ang makapag-uuwi ng mga “ku” ay itinuturing na makakukuha rin ng biyaya sa loob ng isang taon. Kapag naiuwi na sa bahay ang “ku”, ito ay kailangang alayan sa loob ng isang taon at ibalik sa templo sa anibersaryo nito. Ang mga nakapag-uwi ng tatlong “ku” ang siya ring maghahalinhinan sa pagiging “hermano” sa tatlong araw na selebrasyon. Ang bawat isa sa kanila ay kailangang maghanda ng marangyang alay sa mesa ng altar sa bawat araw na itinakda sa kanila (Ang See 58-59).

Ang dibinasyon ay popular sa mga Tsino sapagkat ito ay pag-alam sa kagustuhan at intensiyon ng kinikilalang mabathalang puwersa (divine force). Dito nila kinokonsulta kung ano ang kanilang magiging kapalaran sa buhay. Kapag ginagamit nila ang divination block o tablet sila ay naniniwalang ang kasagutan dito ay nagmula sa Diyos. Para sa mga Tsinoy, mabisa ang paghiling kay Ma-Cho sapagkat ito ay tulad ng pag-aaruga ng isang ina. Siya ang nagsisilbing tagapag-ugnay sa mga Tsino na nasa Pilipinas na matagal na nawalay sa kanilang itinuturing na tahanan, ang Tsina. Dahil kay Ma-Cho, hindi sila nawalay sa ina, nawalay lamang sila ng tahanan.

Sa araw ng selebrasyon, isang misang Katoliko ang isinasagawa sa ibaba ng templo at matapos ang misa ay mayroong prusisyon. Ang prusisyon ay ayon sa Katolikong tradisyon maliban sa ilang elemento nitong tradisyunal na Tsino tulad ng pagtugtog ng mga instrumentong musikal na Tsino habang ibinababa ang imahen ni Ma-Cho. Ang mga kalalaking opisyales ng samahan sa Ma-Cho Temple ang siyang tanging may karapatan upang ibaba ang imahen ni Ma-Cho mula sa itaas ng templo upang ilagay sa karosang may pinaghalong Kristiyano at Tsinong disenyo. Sa unahan ng prusisyon ay mayroong mga sayaw ng leon at dragon at mga paputok at pailaw. Matapos ang prusisyon ay may nakalaang

HASAAN

mga palabas na isang tradisyonal na Tsinong opera o Kao-ka na ginaganapan ng mga arkiladong artista mula pa sa Maynila. Ginaganap ito sa entabladong katabi ng templo na siyang pinakatampok sa tatlong araw na selebrasyon. Ang tema ng opera ay mula sa klasikong mito ng mga Tsino. Sa interpretasyon ng mga Tsinoy ito ay inuugnay nila na katumbas ng buhay ng mga santo sa Kristiyanong relihiyon.

Ang debosyon ay patunay na pagtatangi sa tradisyong ipinasa ng mga ninunong Tsino sa mga Tsinoy. Ang mga ritwal ay bahagi ng kanilang pananalig at pagsunod sa ritwal ng Confucianismo at impluwensiyang Budismo at Taoismo. Ang mga Tsinoy sa Batangas ay iniuugnay si Ma-Cho sa Mahal na Birhen ng Caysasay, ang patrona ng Batangas na nasa bayan ng Taal. Ang Taal ay kilala bilang bayan na walang nanirahang dayuhang Tsino. Gayumpaman, hindi ito naging sagabal kahit pa dumating ang panahon na hindi na ipinahiram sa kanila ng Simbahang Katoliko ng Taal ang imahen ng Birhen ng Caysasay at nagpatuloy pa rin sila sa kanilang debosyon sa pamamagitan ng pagpapagawa ng replika ng Poon.

Ang replika ng Birhen ng Caysasay ay may kaunting kaibahan sa tunay nitong anyo. Mas malapit ang itsura nito sa Birhen ng Antipolo. Hindi ito katakataka dahil ayon kay Wickberg, ang kulto ni Ma-Zu (Ma-Cho) na galing Tsina ay kasabay ng kulto ng diyosang si Kuan Yin. Si Kuan-Yin ang siyang patrona para sa kasaganaan at si Ma-Zu ay sa paglalakbay sa karagatan. Kung kaya't ang paglalakbay sa ano mang uri ay iniuugnay kay Ma-Zu (193). Ang ganitong sitwasyon ang naging dahilan ng pag-uugnay kay Ma-Zu ng mga naunang Tsino sa Pilipinas sa Birhen ng Antipolo o Nuestra Señora de Buen Viaje de la Paz. Kung kaya't ang pag-uugnay kay Ma-Cho ng Batangas sa Birhen ng Caysasay na sinasabing nagmula ang debosyon sa pagkakatatagpo ng imahen nito ay marahil may iba pang kadahilan.

Ang imahen ng Birhen ng Caysasay ay disenyong Tsino na kulay ginto, mahaba ang buhok at may koronang tulad sa imahen ng Caysasay ng Taal. Malayo ito sa itsura ng diyosang si Ma-Cho. Ngunit ang mga dekorasyong nakapalibot sa altar ay pareho sa mga altar ni Ma-Cho sa ibang bansa.

Marami sa mga Tsinoy sa Batangas ang may optimistikong pananaw at hangarin. Hindi agad sila sumusuko sa anumang karamdaman o sakuna. Ang paniniwala at debosyon ng mga Tsinoy kay Ma-Cho ay maituturing na *utilitarian* sapagkat ito ay humihingi ng kapalit. Kadalasan nilang idinudulog kay Ma-Cho, ang gumaling sa karamdaman at mabigyan sila ng maayos na takbo ng negosyo nang sa ganoon ay magkaroon sila ng magandang buhay.

Ang mga Tsinoy ng Batangas at La Union ay bumibisita pa rin sa Dambana ng Caysasay sa Taal sapagkat para sa mga ito kinakailangan nilang bisitahin ang itinuturing na “inang templo” o punong templo. Sa ganitong pagkilala binibigyan ng dalawang kaanyuan ang simbahang Katoliko ng Taal. Para sa mga taga-La Union ang pagbisita sa Taal ay tulad ng seremonya ng mga taga-Taiwan na kung tawagin ay Chin-hsiang o ang paglalakbay na may dala-dalang insenso (Goco, 58).

Ang Kalagayang Panlipunan ng mga Tsinoy sa Lipunang Batangas

Sa kasalukuyan maituturing na maayos ang kalagayang panlipunan ng mga Tsinoy sa Batangas. Marami sa kanila ang humahawak ng malalaking negosyo sa Lungsod ng Batangas at karatig pook. Marami sa mga Batangueñong Tsinoy ang nakapagsasalita ng puntong Batangas, ang iba naman ay nakapangasawa ng taga-Batangas at nag-aral mismo sa mga paaralan sa Batangas.

May ilang mga Tsinoy rin ang lumahok sa politika sa lalawigan. Kaya, naging madali sa kanila ang transaksyon sa negosyo, politika at kultura. Ngunit sa kanilang maliit na komunidad ng mga Tsinoy, sila ay nagtutulungan kung mayroon pinansiyal na suliranin. Sa transaksiyong ito nakasalalay ang pagiging Tsino nila dahil mas matunog sa kanila ang mag-usap sa kapwa Tsinoy gamit ang katutubong wika na kalimitan ay Hookien. Napanatili nila ang kanilang identidad sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga *Chinese School* sa Batangas at Maynila at sa pakikisalamuha sa kapwa Tsinoy. Iba pa rin ang usapan pagdating sa pag-aasawa ng isang Tsinoy na mas pinapaboran ang pakikipag-asawa sa kapwa nila Tsinoy.

Ang kalagayan ng mga Tsinoy sa Batangas ay masasalamatin sa estruktura ng mismong templo kung saan may matibay na ebidensiya ng identidad ng kulturang Tsino na siyang patunay sa pagnanais ng mga Tsinoy na maging matibay ang identidad o kaakuhan ng mga Tsinoy gayong sila ay nasa Pilipinas at sila ay ganap ng Kristiyano. Gayumpaman, para sa mga Tsinoy ang templo ay simboliko na lamang ng kanilang pagiging Tsino at ito ay bahagi lamang ng kanilang tradisyon sapagkat nagkaroon na sila ng asimilasyon sa bago nilang tahanan at ito ay ang Pilipinas. Kung asimilasyon ang pag-uusapan, ang pagiging mamamayan ng Pilipinas ng mga Tsinoy ay nakasalig sa konseptong bansa-estado na siyang kinabibilangan nila ngayon. Sa kabilang panig, hindi maiaalis sa kanila na panatilihin ang kanilang identidad bilang Tsino. Marami sa mga Tsinoy ay sadyang nakasanib na o nagkaroon na ng integrasyon sa

HASAAN

lipunang Pilipino. Naging matatas na sila sa wikang Filipino, umanib sa Katolisismo, nagkaroon ng mga pamamaraan at gawaing Pilipino na siyang dala ng kolonisasyon ng mga Espanyol at Amerikano, asimilasyon at edukasyon. Hindi naging mahirap sa kanila ang akuin ang pagiging Pilipino sapagkat dito sa Pilipinas sila nabubuhay, madali ring isingit ang pagiging Tsino nila dahil sa pisikal na anyo, wika at minanang tradisyon. Ito ay ang tinatawag na pagpapalit-palit ng mga identidad o *shifting identities* kung saan ang isang identidad ay maaaring gamitin sa isang pagkakataon samantalang ang iba pang identidad ay sa ibang namang sitwasyon o pagkakataon. Ito ay ayon sa konsepto ni Johan Lemman na kung tawagin ay *situational negotiation of social identity* (sinipi ni Kottak 225).

Sa kabuuan, maaaring sa mga Tsino ay hindi isyu ang segregasyon nila bilang minoridad kung etnisidad ang pag-uusapan sapagkat marami sa kanila ang may kakayahang pang-ekonomiya at ang ilan nga sa kanila ay may kontrol sa kalakalan sa Pilipinas. Ang pagiging Pilipino nila ay nakaugat kung saan sila ipinanganak at anong batas ang kanilang kailangang sundin. Samantalang ang pagiging Tsino nila ay laging lumilingon sa pinanggalingang ninuno sa Tsina. Hindi nila alintana kung hindi man nila matunton ang kanilang angkan sa Tsina o kaya ay tuluyan ng makalimutan ang minanang wika ngunit ang tradisyong nakagisnan ay mahalagang maipagpatuloy para sa pagkikilalan nila bilang etnikong Tsino.

Konklusyon

Napakahalaga sa pagbuo ng identidad ng mga Tsino sa Lalawigan at Lungsod ng Batangas ang inaakong debosyon kay Mama Ma-Cho. Ang debosyon ay may kaakibat na ritwal at mga panatang kanilang isinasabuhay. Ang konteksto ng ritwal at panata ay nakasalalay sa mga implikasyon nito sa buhay ng mga Tsino. Ang elemento ng ritwal ay pawang instrumento upang mapagtagumpayan ang bawat kahilingan. Ang pagsasagawa ng kabutihan sa iba ay kaagapay ng mga ritwal na siyang susi upang makamit ang bisa o potensiya ng ritwal. Ang debosyon ang siyang kabuuan ng itinatagong pagnanais na mapanatili ang identidad ng mga Tsino bilang Tsino. Mula sa kanilang etnikong kultura ay nais nilang maipagpatuloy ang ganitong gawain na hindi inaalintana ang sinkretismo sa relihiyon. Ang paglalangkap ng relihiyon ay siyang nagpapatibay na akuin ang anumang sa tingin nila ay para sa kanilang Tsino. Walang duda na ang debosyon ay isa sa mga implikasyon ng asimilasyon ng mga

Tsinoy sa lipunang Pilipino kasabay ng kagustuhang mapanatili ang kanilang sariling identidad bilang Tsino. Ang kahalagahan ng debosyon ay nakasentro rin sa pananalig sa mabathalang puwersa na siyang pinaniniwalaang bumabalot sa sanlibutan.

Ang pagtanaw sa paniniwala ng mga Tsinoy sa Mahal na Birhen ng Caysasay bilang manipestasyon ng diyosang si Ma-Cho ay masasalamín sa pananaw ng mga Tsinoy kung saan nakapaloob sa nakagisnang pagpapahalaga sa pamilya at sa tradisyong nakagisnan. Hindi man popular ang debosyon kay Ma-Cho sa mga Batangueño at maaaring inaakong eksklusibo lamang para sa mga Tsinoy ay wala rin namang nakikitang pagtutol tungkol dito mula sa mga Batangueño. Samantalang ang mga Batangueño ay sanay na sa presensiya ng mga Tsinoy sa lungsod kahit pa sabihing hindi agad sila makaalis sa de-kahong isipan na sila’y intsik, negosyante at pinagmulan ng pansit at siopao. Maliban dito, may ilan pa rin ang hindi ganap ang pagtanggap sa mga Tsinoy bilang isang Pilipino dahil sa kaisipang sila ay may dugong banyaga. Subalit hindi ito ang pangkalahatang damdamin tungkol sa mga Tsinoy bilang kabahagi ng lipunan at kulturang Pilipino. Kung ihahalintulad sa siopao na may palatandaang kulay pula sa ibabaw ay meron din namang itong kulay dilaw depende nga sa palaman nito. Ibig sabihin, iba-iba ang bumubuo ng lipunan na kailangan matanggap at pakisamahan.

Ang Pilipinas ay may pinaghalo-halong kultura at ang gawin itong buo ay isang paghiraya sa pamayanan akma sa konsepto ni Benedict Anderson, ang Pilipinas ay isang hinirayang pulitikal na pamayanan o *imagined community* (6-10). Ang pamayanang Pilipino ay nabuo sa prosesong dala ng kolonisasyon na ngayon ay nangangailan ng pagsusuri kung ang multikultural na lipunan ang siyang magiging susi sa paghahanap ng solusyon sa mga suliraning pangkapayapaan sa bansa. Sa multikultural na lipunan mababawasan ang itinuturing na minoridad at magkakaroon ng mas malawak na espasyo hindi lamang ang mga Tsinoy pati na ang bangsa Moro at maraming mga katutubong Pilipino sa mas malawak na lipunang Pilipino.

Sa kabuuan, maituturing na pragmatiko ang mga Tsinoy. Humahanap sila ng masaganang buhay at kung ano man ang maaaring gawin upang makamit ito ay kanilang gagawin (Yu, 86). Ito marahil ang dahilan kung bakit hindi alintana ng mga Tsinoy ang sinkretismo sa relihiyon. Sa pagkilatis sa paniniwala ng mga Tsinoy sa Mahal na Birhen ng Caysasay ay maaari rin tingnan sa karanasan mismo ng mananampalataya. Mula ng panahong maging buo sa kanila na si Caysasay at si Ma-Cho ay iisa ito ang siyang nagpatatag sa kanila upang maging

HASAAN

deboto. Ang debosyon ay may kasamang mga ritwal na maaari ding hindi napag-iisipan kung ano ba ang silbi o halaga nito ngunit patuloy na ginagawa sapagkat iyon ang itinakda ng pangkat na kinabibilangan. Ang hindi pagsasagawa ng ritwal ay nangangahulugan ng hindi pagsunod sa itinakda at maaaring may kaparusahan. Ang pagdulog sa templo ay laging may pasasalamat sa biyayang nakamtam at paghingi rin ng mga biyaya. Ang pag-aalay ng pagkain ay simbolo ng kasaganaan na maaaring makamtam ng isang nag-alay. Ang insenso at ang pagyuko ay sagisag ng pagiging mapagkumbaba at pagtalima sa nakatatanda at sa mabathalang puwersa na may malaking kinalaman sa buhay sa daigdig.

Ang pagsunod sa tradisyong nakagisnan ay nangangahulugan ng pagpapatuloy ng kanilang pagkakakilanlan bilang etnikong Tsino. Ang debosyon ng mga Tsino kay Ma-Cho ay hindi nangangahulugang pagtalikod sa kasalukuyang relihiyong tinatangalik ang Kristiyanismo sapagkat ayon sa kanila, sila ay nanatiling Katoliko sa kanilang pananaw. Para sa kanila ito ay inkulturasyon sa kanilang relihiyon at hindi sinkretismo. Ang inkulturasyon ay pagsasanib ng nakagisnang tradisyon at gawain sa paglalapat nito sa kontekstong Kristiyano. Hindi inaalintana ng mga Tsino na pinaghalong Confucianismo, lumang mito ng Tsina, impluwensiya ng Budismo at Taoismo- ang kanilang paniniwala at pagsasagawa ng ritwal para kay Ma-Cho sapagkat ang mahalaga sa kanila ay may kanilang mabuting pakay at hangarin. Ang mabathalang puwersa ay siyang kapanalig ng mabuting gawain kung kaya't lahat ng kinakailangan sa pagsamba at paniniwala ay dapat taglayin ng isang mananampalataya. Para sa kanila, ang paggawa ng kabutihan ay gagantimpalaan ng langit.

Ngunit ganoon pa man, anumang uri ng pagsipat sa paniniwala ng mga Tsino sa Mahal na Birhen ng Caysasay mula sa historikal nitong pananaw, sa pluralistang pananaw batay sa mga relihiyon, sa panukat ng inkulturasyon, sinkretismo at sa panlipunang kalagayan ng asimilasyon, ang lahat ngs ito ay siyang nagpapatingkad sa buhay Tsino sa Batangas upang mapanatili nila ang kanilang identidad o kaakuhan bilang mga Tsino at mailapat nila ang kanilang sarili sa mas malawak na lipunang Pilipino. Ang mahalaga ay matukoy sa kasalukuyan ang mga Batangueñong Tsino ay nakatanim na sa lipunang Pilipino na may bahid na pagiging “lokal” at may palatandaan ng kanilang etnisidad bilang Tsino. Lumilingon sa nakaraan at pinanggalingan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kabihasnang nakagisnan ng mga ninuno at nagtatangkang isalba kung ano man ang natitira para sa kanila. Ang panahon ang siyang makapagpapabago sa lahat ng ito. Ang identidad ang siyang masasandalan sa mabilisang daluyong ng globalisadong mundo. Ang mga Batangueñong Tsino

ay hindi lamang maituturing na minoridad sapagkat niyakap na nila ang bansa at ang mundo. Lahat ng Pilipino ano mang pinagmulang etnisidad ay may pagkakataong mayakap kung ano mang kabansaan at kulturang sa darating na panahon ang maaaring umusbong. Ang sinkretikong paniniwala ng mga Batangueñong Tsinoy ay isang halimbawa ng identidad na maaaring mabuo at akuin bilang “kanila” at maghihiwalay sa identidad ng iba. Ang identidad ang siyang magbibigkis sa anumang natitira sa pagkatao ng bawat kaanib ng pangkat at ito rin ang maaaring panghawakan upang sa pagkalag tungo sa malawak na salalayang kultural ay hindi maisasantabi ang etnikong pinagmulan. Sa pagsasanib ng mga kultura dulot ng globalisasyon ay mahalaga pa ring ipagpatuloy ang mayamang tradisyon na nakagisnan na siyang nagbibigay ng tatak sa bawat kaakuhan.

Mga Sanggunian

- Abrahan, Coralen Uy Tan. Personal na Panayam. 30 Nobyembre 2008.
- Alip, Eufrosio. *The Chinese in Manila*. Maynila: National Historical Institute, 1993. Nakalimbag.
- Anderson, Benedict. *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*. London: Verso, 1991. Nakalimbag.
- Ang See, Teresita. *Chinese in the Philippines: Problems and Perspectives*. Maynila: Kaisa Foundation, 1990. Nakalimbag.
- . “Influx of new Chinese immigrants to the Philippines: Problems and Challenges.” n.d. Web. 01 Setyembre 2009.
- . *The Ethnic Chinese As Filipinos*. Maynila: Philippine Association for Chinese Studies, Manila, 1997. Nakalimbag.
- . *Crossroads: Short Essays on the Chinese Filipinos*. Maynila: Kaisa Foundation, 1988. Nakalimbag.
- . “Images of the Chinese in the Philippines.” *China Across the Seas*. Maynila: Philippine Association for Chinese Studies, 1992. Nakalimbag.
- . “Political Participation, Integration and Identity of the Chinese Filipinos.” *Tsinoy: The Story of the Chinese in the Philippine Life*. Maynila: Kaisa Para sa Kaunlaran, Inc., 2005. Nakalimbag.
- Aviado, Lutgarda. *Madonnas of the Philippines*. Maynila: Manlapaz Publishing Co., 1975. Nakalimbag.
- Barnett, Patricia G. “The Chinese in Southeastern Asia and the Philippines.” *Annals of the American Academy of Political and Social Science*, 226, Southeastern Asia and the Philippines (1943): 32-49. Web. 24 Pebrero 2010.
- Baity, Philip. “The Ranking of Gods in Chinese Folk Religion”. *Asian Folk Studies*. 36.2 (n.d.) Web. 01 Setyembre 2009.
- Bencuchillo, Francisco. *Epitome de la Historia de la Aparicion de Nra. Señora de Caysasay que severena en el pueblo de Batangas, y su sagrado novena*. Malabon: Cayetano Enriquez, 1834. Nakalimbag.

HASAAN

- Briones, Concepcion. *Life in Old Parian*. Lungsod ng Cebu: University of San Carlos, 1983. Nakalimbag.
- Borbon, Eduardo V. Personal na Panayam. 23 Abril 2010.
- Bulatao, Jaime S.J. *Split-Level Christianity*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1966. Nakalimbag.
- . *Phenomena and Their Interpretation: Landmark Essays 1957-1989*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1992. Nakalimbag.
- Burton, John William. "The Word Parian: An Etymological and Historical Adventure." Ang See, Teresita (ed.) *The Ethnic Chinese as Filipinos, Part III*. Maynila: Kaisa Para sa Kaunlaran, Inc., 1999. Nakalimbag.
- Chen Ching Ho. *The Chinese Community in the 16th Century Philippines*. Tokyo: The Center for East Asian Cultural Studies, 1968. Nakalimbag.
- Cheong, Caroline Mar Wai Jong. *The Chinese-Cantonese Family in Manila: A Study in Culture and Education*. Maynila: Centro Escolar University Research & Development Center, 1983. Nakalimbag.
- Cheong, Catherine. "Response to Inculturation in the Chinese-Filipino Context". *Landas: Journal of Loyola School of Theology*. 17.2 (2003). Nakalimbag.
- . *Chinese Filipinos*. Lungsod Quezon: Ateneo Chinese Studies Program; Ateneo de Manila University, 2003. Nakalimbag.
- Chu, Richard T. *Chinese Merchants in Binondo in the Nineteenth Century*. Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 2010. Nakalimbag.
- Cascolan, Lala Ordones. "Beyond Binondo ang Maling." *Philippine Center for Investigative Journalism*. 2007. Web. 01 Setyembre 2009.
- Daunhaeuser, Norbert. *Chinese Traders in a Philippine Town*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2004. Nakalimbag.
- Davison, Gary Marvin. *Culture and Customs of Taiwan*. U.S.A.: Greenwood Press, 1998. Nakalimbag.
- De San Agustin, Gaspar OSA. *Conquistas De Las Islas Filipinas 1565-1615*. Trans. Luis Antonio Mañera. Maynila: San Agustin Museum, 1998. Nakalimbag.
- De San Antonio, Fray Juan Francisco. *Cronicas de la Provincia de San Gregorio Magno En Las Islas Philipinas (The Philippine Chronicles) 1738*. Trans. D. Pedro Picornell. Maynila: Historical Conservation Society Manila, 1977. Nakalimbag.
- De Medina, Fray Juan OSA, "History of the Agustinian Order in the Philippine Islands 1630." Emma Helen Blair and James Alexander Robertson (eds.) *The Philippine Islands, 1493-1889*. XXII. 1625-1629. Nakalimbag.
- De Zuñiga, Joaquin Martinez OSA. *Estados de las Islas Filipinas (Status of the Philippines in 1800)*. Trans. Filipiniana Book Guild. 1973. Nakalimbag.
- Dy, Ari C. S.J. *Weaving a Dream*. Lungsod Quezon: Jesuit Communications Foundation, 2000. Nakalimbag.
- Dy, Aristotle S.J.. "Response to Inculturation in the Chinese-Filipino Context." *Landas: Journal of Loyola School of Theology*. 17.2 (2003). Nakalimbag.
- Ecalnir, Rose Chan. Personal na Panayam. 10 Hulyo 2010.
- Escoto, Salvador P. "Expulsion of the Chinese and Readmission to the Philippines." *Philippine Studies*, 47.1, Ateneo de Manila University (1999) Nakalimbag.

RENATO G. MALIGAYA

- . "A Supplement to the Chinese Expulsion from the Philippines, 1764-1779". *Philippine Studies*, 48.2, Ateneo de Manila University (2000). Nakalimbag.
- Fang, Rita. "Sea Goddess Takes Annual Journey". n. p., n.d. Web. 01 Setyembre 2009.
- Felix, Alfonso Jr. (editor). *The Chinese in the Philippines 1770- 1898. Volume I and II*. Maynila: Solidaridad Publishing House, 1969. Nakalimbag.
- Go, Bon Juan at Teresita Ang See. *The Ethnic Chinese: Proceedings of the International Conference on: Changing Identities and Relations in Southeast Asia*. Maynila: Kaisa Para sa Kaunlaran, Inc., 1994. Nakalimbag.
- Goco, Marietta Primicias (ed). *400 Years Our Lady of Caysasay*. Batangas: Blessed Virgin of Caysasay Foundation Inc., 2003. Nakalimbag.
- Gripaldo, Rolando. "Roman Catholicism and Filipino Culture." Adian, Donny Gahral (ed) *Relations Between Religions and Cultures in Southeast Asia*. Jakarta: University of Indonesia, 2009. Nakalimbag.
- Hisamoto, Joey. "The Miracles of Our Lady of Caysasay." *The Mirror Magazine*. Lungsod Quezon (2004). Nakalimbag.
- Kottak, Conrad Philip. *Anthropology: Mirror for Humanity*. Michigan: McGraw Hill Publishing, 2008. Nakalimbag.
- Sastron, Manuel. *Filipinas: Pequeños Estudios: Batangas Y Su Provincia*. Malabon: n.p., 1895. Nakalimbag.
- Shumacher, S.J., John N. "Syncretism in Philippine Catholicism: Its Historical Causes". *Philippine Studies*, 32.2, Ateneo de Manila University (1984). Nakalimbag.
- See, Chiben. *The Chinese Immigrants*. Maynila: Kaisa Para Sa Kaunlaran, Inc. at De La Salle University Chinese Studies Program, 1992. Nakalimbag.
- Skinner, G. William. "Overseas Chinese in Southeast Asia" *Annals of the American Academy of Political and Social Science*, 321 (1959):136-147. Sage Publications, Inc. in association with the American Academy of Political and Social Science. Web. 11 Oktubre 2012.
- Sugaya, Nariko . "The Expulsion of Non-Christian Chinese in the Mid-18th Century Philippines: Its Relevance to the Rise of Chinese Mestizos" *Tsinoy: The Story of the Chinese in the Philippine Life*. Maynila: Kaisa Para sa Kaunlaran, Inc., 2000. Nakalimbag.
- Tan, Antonio S. "The Chinese Guerillas in the Philippines." *The Annals of Philippine Chinese Historical Association*, 9 (1979). Nakalimbag.
- . *The Chinese in the Philippines, 1898-1973. A Study of Their National Awakening*. Lungsod Quezon: R. P. Garcia Publishing, 1972. Nakalimbag.
- _____. *The Chinese in the Philippines During the Japanese Occupation, 1942-1945*. Lungsod Quezon: Asian Center, University of the Philippines, 1981. Nakalimbag.
- Tan, Jackielyn. Personal na Panayam. 29 Nobyembre 2010.
- Tan, Michael. "Alien Nation: Tisoy Kasi". *PCIJ*. 2007. Web. 01 Setyembre 2009.
- Tan, Ramon. Personal na Panayam. 30 Nobyembre 2008.
- Tiangco, Brenda. "The Chinese Among Us." *Batangan Post*. 2007. Web.14 Agosto 2011.
- Unger, Leonard. "The Chinese in Southeast Asia." *Geographical Review*, 34.2 (1944): 196-217. Web. 28 Agosto 2010.
- Wang Gungwu. *China and the Chinese Overseas*. Singapore: Times Academic Press, 1991. Nakalimbag.

HASAAN

- Weightman, George H. "Anti-Sinicism in the Philippines." *The Annals of Philippine Chinese Historical Association*. 9-12 (1979). Nakalimbag.
- Wickberg, Edgar. *The Chinese in Philippine Life 1850-1898*. 1965. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2000. Nakalimbag.
- . "The Chinese Mestizo in Philippine History." *The Journal Southeast Asian History*. 5.1 (1964) n.p. Web. 14 Agosto 2011
- Wong Kwok-Chu. *The Chinese in the Philippine Economy 1898-1941*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1999. Nakalimbag.
- Wong Teh Ming. "Sino-Filipino Historico-Cultural Relations." *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, XXIV.3-4 (1964). Nakalimbag.
- Wu Luxing. *100 Chinese Gods*. Singapore : Asiapab Books, 1995. Nakalimbag.
- Yang, C.K. *Religion in Chinese Society*. Taipei: SMC Publishing, 1991. Nakalimbag.
- Yu, Jose Vidamor B. LRMS. "Inculturation of Filipino-Chinese Culture Mentality." *Pontificia Universita Gregoriana Interreligious and Intercultural Investigation*. 3 (2000). Nakalimbag.

